CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES
(MGA SENTRO PARA SA MGA SERBISYO NG MEDICARE AT MEDICAID)

Mga Maikling Impormasyon tungkol sa Bagong Coverage ng Medicare para sa De-Resetang Gamot para sa mga taong may Medicare Health Plan na may coverage para sa de-resetang gamot.

Simula sa ika-1 ng Enero 2006, ang Medicare ay mag-aalok ng coverage para sa de-resetang gamot para sa mga taong may Medicare. Ang mga pribadong plano, kabilang ang Medicare Health Plans (Medicare Advantage at Medicare Cost Plans) at ang mga plano ng de-resetang gamot ng Medicare, ay mag-aalok ng coverage na ito. Maaari kang sumali sa isang plano ng de-resetang gamot ng Medicare kung ikaw ay nasa Original Medicare Plan, isang Private Fee-for-Service Plan o isang Medicare Cost Plan na hindi nag-aalok ng coverage para sa de-resetang gamot.

Maraming Medicare Health Plans (Medicare Advantage at Medicare Cost Plans) ang nagbibigay na ng kaunting coverage para sa mga de-resetang gamot. Simula sa 2006, kung ang iyong Medicare na plano sa kalusugan ay nag-aalok ng coverage para sa de-resetang gamot, maaari mong kunin ang coverage para sa de-resetang gamot mula sa planong iyon o maaari kang sumali sa ibang plano.

Ano ang kailangan kong malaman?

- Mayroon kang mga mapagpipilian sa paraan ng pagkuha ng iyong Medicare na coverage para sa de-resetang gamot.
- Sa fall (taglagás), tatanggap ka ng abiso mula sa iyong Medicare Health Plan tungkol sa iyong mga mapagpipiliang de-resetang gamot. Basahin nang maingat ang anumang mga babasahin na makukuha mo mula sa iyong plano.
- Maaari mong tingnan ang ibang mga Medicare na mapagpipiliang plano sa kalusugan, tulad ng pagbalik sa Original Medicare Plan at pagsali sa isang plano ng Medicare sa de-resetang gamot.
- Ipaghambing ang iyong mga opsyon sa plano ng gamot at magpasiya kung nais mong manatili sa iyong kasalukuyang plano o sumali sa isang bagong plano.
- Maaari kang sumali sa isang Medicare na plano ng de-resetang gamot simula ika-15 ng Nobyembre 2005.
- Kung hindi ka sumali sa isang plano ng de-resetang gamot ng Medicare bago ng ika-15 ng Mayo 2006, magbabayad ka ng mas mataas na premium kapag sumali ka sa ibang panahon maliban kung mayroon kang coverage sa gamot na sa pangkalahatan ay kasing husay man lamang ng coverage ng Medicare para sa de-resetang gamot (tulad ng mula sa iyong dating pinaglilingkuran o unyon). Sasabihin sa iyo ng iyong kompanya ng seguro bago ng fall (taglagás) kung ang iyong coverage, sa pangkalahatan, ay kasing husay man lamang ng karaniwang coverage ng Medicare para sa de-resetang gamot.
- Kung kaunti lamang ang iyong kinikita at mga pag-aari, maaaring kwalipikado ka para sa tulong sa pagbayad ng coverage ng Medicare para sa de-resetang gamot.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Makakakuha ka ng detalyadong impormasyon mula sa Medicare sa Oktubre 2005. Maaari mong tingnan ang handbook na "Medicare & You 2006" ("Ang Medicare at Ikaw 2006"), bisitahin ang www.medicare.gov sa web, o tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang 1-877-486-2048. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung sino ang makakakuha ng karagdagang tulong sa mga gastos sa de-resetang gamot at kung paano mag-aplay, tawagan ang Social Security Administration sa 1-800-772-1213, o bisitahin ang www.socialsecurity.gov sa web. Dapat tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang 1-800-325-0778.

Hanapin ang mga pangyayari sa iyong lugar na may-kinalaman sa Medicare.

CMS Pub. No. 11135-T
July 2005